BC CANCER LUNG SCREENING
Provincial Health Services Authority

Mga Resulta ng Lung Screening

Notice Date:
Exam Date:

Jane Sample
123 Example Avenue
City, Province, Postal Code

Ang iyong CT scan para sa lung screening ay hindi nagpakita ng anumang nakakabahalang palatandaan ng kanser sa baga.

MGA SUSUNOD NA HAKBANG: Bumalik para sa regular na screening pagkalipas ng 24 na buwan. Inirerekomenda namin ang patuloy na pagsubaybay sa kalusugan ng iyong mga baga dahil nagbabago ang panganib ng kanser sa baga habang tumatanda. Makakatanggap ka ng liham ng paalala mula sa Programa kapag oras na para bumalik para sa iyong susunod na CT scan. Pinakamabisa ang screening kapag regular kang sumasailalim sa CT scan upang makita kung may mga bagong batik o pagbabago sa mga kasalukuyang batik mula noong iyong huling scan. Ito ang dahilan kung bakit mahalagang bumalik para sa lung screening kapag oras na nito.

Bagama't napakabisa ng lung screening CT scan sa maagang pagtuklas ng kanser sa baga, maaaring may ilang kanser na hindi matukoy. Kung magkaroon ka ng anumang bagong sintomas tulad ng hirap sa paghinga, pananakit ng dibdib, o pag-ubo ng dugo, mangyaring ipaalam kaagad sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, kahit na normal ang naging resulta ng iyong CT scan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga resulta ng lung screening, pakibisita ang bccancer.bc.ca/screening/lung/how-it-works.

Salamat sa iyong paglahok sa BC Cancer Lung Screening Program.

Dr. Stephen Lam
Lung Screening Medical Director

Kung magbabago ang iyong tirahan bago ang iyong susunod na screening, pakibisita ang addresschange.gov.bc.ca/ upang sabay na ma-update ang iyong impormasyon sa ICBC at Health Insurance BC.

Ang mga abiso ng Lung Screening ay makukuha online sa Health Gateway. Pakibisita ang healthgateway.gov.bc.ca/ upang magparehistro para sa access.

Kung natanggap mo ang ulat na ito nang hindi sinasadya o nagbago na ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, mangyaring ipaalam sa amin sa 1-877-717-5864.

BC Cancer Lung Screening Program
screening@bccancer.bc.ca
1-877-717-5864

Client PHN #
Notice ID: XXXXXXXXXXXX

SAMPLE

Mga Resulta ng Lung Screening

Health Care Provider:
NATALIE EXAMPLE

Screening Facility:
Lung Screening Site Name
Lung Screening Site Phone #

Kokolektahin at gagamitin ng BC Cancer ang iyong personal na impormasyon para sa layunin ng pagbibigay ng mga serbisyo sa screening, kabilang ang komunikasyon at follow-up, at para sa mga layunin ng pagsusuri ng programa. Kinokolekta ang impormasyong ito alinsunod sa FIPPA s. 26(c) at (e). Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa pangongolekta at paggamit ng iyong personal na impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa screening@bccancer.bc.ca. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa privacy, pakibisita ang screeningbc.ca.

SAMPLE